

Mula Anito Hanggang Kasaysayan ng Langit: Panimulang Pagbabalangkas Tungo sa Bagong Kasaysayan ng Pananampalatayang Katoliko sa Pilipinas (3000 B.K.-1950) /

From Anito to Kasaysayan ng Langit: A Preliminary Framework for a New History of the Catholic Faith in the Philippines (3000 B.P.-1950)

Jose Rhommel B. Hernandez

De La Salle University, Manila, Philippines

jose.rhommel.hernandez@dlsu.edu.ph

Abstrak: May tatlong bahagi ang pag-aaral na ito. Una, sinikap na bigyang pansin ang mga naunang pag-aaral sa kasaysayan ng Simbahang Katoliko sa Pilipinas. Tinalakay ang kanilang mga pangunahing punto at paglalarawan sa naging daloy ng kasaysayan ng pagpapakalat ng pananampalatayang Katoliko sa Pilipinas. Ikalawa, binigyang paliwanag ang “Pantayong Pananaw” bilang siyang magiging lente sa pag-aaral ng kasaysayang tinuran at kung paano ring magiging pamamaraan ito sa pagtugon sa suliraning naging epekto ng mga naunang pag-aaral. Ikatlo, sinikap na bumuo ng isang panibagong peryodisasyon ng kasaysayan ng Simbahang Katoliko na hindi nakasentro sa mismong kilos/mga kilusan sa loob mismo ng Simbahan kundi sa mga kilos ng bayan mula sa kanilang pananampalataya sa Anito hanggang sa kanilang pagbubuo ng sariling mitolohiya kung saan nag-uugnay ang sinaunang pananampalatayang ito sa tinanggap na pananampalatayang Kristiyano Katoliko.

Mga Susing Salita: Kasaysayan ng Simbahang Katoliko sa Pilipinas; Anito; Pantayong Pananaw; Kasaysayan ng Langit; Historiograpiyang Filipino

Abstract: The study consists of three parts. First, attention was given to the previous studies on the history of the Catholic Church in the Philippines. The main points of these works were discussed and their descriptions on how the Catholic Faith spread in the Philippines. Second, an explanation of “Pantayong Pananaw” was given in order to provide a way of looking into the problems coming from the mentioned surveys. Third, a new periodization of the History of the Philippine Catholic

Church is proposed focusing not on the movement/s within the Church itself but on the movements of the people from their old beliefs in the Anito until the construction of a mythology which connects the old faith and the Christian Catholic faith.

Keywords: *History of the Catholic Church in the Philippines; Anito; Pantayong Pananaw: Kasaysayan ng Langit; Philippine Historiography*

Panimula

Noon hanggang sa ngayon, ang Simbahang Katoliko sa Pilipinas ay nahaharap sa isang malaking suliranin kung paano dapat tingnan ang pananampalataya ng isang karaniwang Filipino. Hindi maikakaila na napakarami nang naisagawang pagtatangka para maunawaan ang masalimuot na mundo ng isang Katoliko/Kristiyanong Pinoy (Beltran, 1987; Belita 1991; Bulatao 1992; Mercado 1997). Litong pananaw lamang lámang ukol sa pananampalataya ang lumalabas bunga ng matagal na pakikipag-ugnayan (kung matatawag ngang gayon) ng Simbahan sa Bayan.

Hindi maitatago ang ganitong kalituhan maging sa opisyal na dokumento ng Simbahang Katoliko sa Pilipinas. Partikular, halimbawa, sa kinikilalang isa sa pinakadakilang likha ng simbahan sa loob ng maraming taon, ang mga Dokumento ng Ikalawang Konsilyo Plenaryo ng Pilipinas (PCP II). Ganito ang malabong pahayag ng naturang konsilyo:

We look at our expressions of popular piety and the strong residues of pre-Spanish religion in them—superstitious they often are: sacramentals becoming anting-antings, saints taking over the place of anitos, the Supreme Deity approachable only through lesser intermediaries. Aberrations there are in plenty and they must be recognized as such, they must be corrected. But correcting does not mean we lose sight of what authentic religious meanings and values they hold (PCP II, no. 12).

Sa isang talata pa lámang na ito’y tila bumabagsak

na ang kabuuang retorika ng pagdamay at pag-unawa ng Simbahan sa pananampalataya ng bayan. Pinag-iisa dito ang sa totoo’y magkakatanggaling konsepto. Tinatawag nitong “superstitions” ang mga nakikitang bakas ng pananampalataya bago dumating ang ipinataw na relihiyon ng mga nandarayuhang Español. “Superstitions,” kung baga, sa pag-unawa ng simbahan, mga bagay na di-makatwiran at kaugnay ng demonyo. Samakatwid, hindi malayong sabihin na naniniwala ang simbhang walang katwiran/irasyonal o mas masama, gáling sa demonyo ang maraming ginagawang “expressions of popular piety.” Bukod pa dito, naniniwala rin ang simbhang may mga “authentic religious meanings and values” ang mga ito, subalit maraming “aberrations” na gáling nga sa prehispanikong pananampalataya. Ang tinutukoy nilang “authentic” samakatwid ay ang mga dinala ng dayuhan, ang hispanikong kristiyanismo. Gáling sa dayuhan ang mabubuting aspekto ng kasalukuyang pananampalataya at “masama” naman ang mga nanggáling sa taal na relihiyon. Napakahirap naman yatang isipin kung paanong ang isang tao, partikular ang isang Filipino, ay maaaring sumamba at kumilala sa Diyos nang may buong pagkarelihiyoso kasabay ang kaniya ring paglapastangan dito. O kung sa isang tanong, paglapastangan nga ba kung sumamba man o kumilala ang Filipino sa Diyos sa liwanag ng paniniwala ng kaniyang mga ninuno?

Kayâ nga ba, kung tutuusin, wala pa ring pagkakaiba ang pag-iisip ng kasalukuyang Simbahan sa isip ng mga bagong saltang misyonero sa pagsisimula ng kolonisasyon. Para sa mga Español, maaari lámang hatiin ang kasaysayan ng mga natagpuan nilang pulo, na ngayo’y Pilipinas, sa dalawang bahagi. Una

ay ang bahagi ng karimlan, kung saan ang mga tao, i.e., ang ating mga ninuno, ay nakalugmok sa dilim ng demonyo at kawalang kabihasan. Ikalawa ay ang bahagi ng kaliwanagan na dumating lámang dito dala ng relihiyon at kabihasnang dulot ng mga Español (Salazar, 1983). Kayâ, para sa kanila, gáling ang lahat ng mabuti sa Kastila at gáling lahat ang masasama sa mga kaharap nilang Indio. Tinangka na itong baligtarin ng Kilusang Propaganda ng ika-19 na siglo at ipinagpatuloy pa rin ng Katipunan ni Bonifacio. Subalit nakalulungkot isipin na hindi nagtagumpay ang mga pagpupunyagi nina Rizal, Plaridel, Bonifacio, at mga kasáma higit at lalo na sa kaisipan ng Simbahang Katoliko sa Pilipinas na ngayo'y nasa kamay na ng kanilang mga inapo.

Walang isinulong, samakatwid, ang pagkakaunawa ng institusyonal na Simbahan ng Pilipinas sa mga táong namanata siyang paglilingkuran. Nananatili lámang siyang nakakulong sa kahong pinaglagyan sa kaniya ng mga dayuhan. Dahilan ito marahil sa pagnanais niyang manatiling dalisay ang pananampalataya (na sa katunaya'y tinanggap niyang nakabalot sa iba't ibang kultura, e.g., Hudyo, Griyego, Romano, Kastila). Maaaring may iba pang dahilang nakabalot sa retorika't talinghaga ng matuwid at dalisay na paniniwala, subalit higit na malinaw kung titingnan ang ugat ng kaniyang pagkalito sa pananaw niya sa sariling kasaysayan.

Pagbatid sa Problematiko

Di kaila sa marami na nitong hulíng bahagi ng nakaraang siglo at maging hanggang sa kasalukuyan, nangunguna pa rin ang mga dayuhan sa kanilang impluwensiya sa kasaysayan ng Simbahan ng Pilipinas. Dalawa ang pangunahing oryentasyon ng mga akdang ito. Sa unang pangkat, makikita rito ang ilan sa mga pangunahing aklat na ginagamit sa pag-aaral/pagtuturo ng historya ng Simbahan sa Pilipinas. Isa sa mga aklat na ito ang isinulat ni Pablo V. Fernandez, O.P. (1979).

Hati sa dalawang bahagi ang aklat. Kinapapalooban ang unang bahagi ng 38 kabanata na tumatalakay sa mga Pagbabagong Historikal ng Simbahan mula sa pre-historia ng Pilipinas hanggang sa pagtatapos ng

Himagsikan. May 12 (Kab. 39–50) kabanata naman ang ikalawang bahagi kung saan tinatalakay ang mga kontribusyong pangkalinangan ng Simbahan. Hindi estrikto sa peryodisasyon ang aklat, hindi kronolohiko kundi tematiko ang estilo ng pagkakasulat. Sa kabuuan, mamamalas ang malawak na kaalaman ng may-akda sa mga batis pangkasaysayan na nasa mga artsibong relihiyoso sa Pilipinas, partikular sa Artsibo ng Unibersidad ng Santo Tomas. Wala ring makikitang kakulangan sa pagiging tapat nito sa mga dokumentong basehan ng obra.

Isa pa sa mga aklat na ito ang akda ng Heswitang si John N. Schumacher (1987). Ginagamit din itong teksbuk para sa Kasaysayan ng Simbahan sa Pilipinas. Mayroon lámang itong 12 kabanata na nahahati sa mga temang sumusunod sa isang kronolohiya. Iba ang aklat kaysa akda ni Fernandez yamang kinapapalooban ito ng mga babasahín o *Readings* mula sa mga pangunahing batis sa isang partikular na panahon. Iniuugnay ng maiikling komentaryo mula sa may-akda ang bawat isang babasahín sa gayo'y mabuo ang isang naratibo. Base ang ganitong pamamaraan sa naunang akda sa pangkalahatang kasaysayan ng Pilipinas ng isa ring Heswita na si Horacio de la Costa (1965).

Isa pang aklat sa ganito ring oryentasyon ang mga aklat ng isa pang Español na Dominiko na si Lucio Gutierrez (1992; 1999). Binubuo ang unang akda ng 17 kabanata bukod sa Prologo ni Pablo Fernandez at mga Apendiks. Nagsisimula ito, katulad ng mga nauna, sa tinatáyang kalagayan ng bayan bago dumating ang mga Kastila, base na rin sa mga sinasabi ng mga fraile na kanilang natagpuan dito. Kung si Fernandez nama'y kakikitahan ng mga isyung kinakaharap ng Simbahan mula sa simula ng ebanghelisasyon hanggang sa panahon ng Himagsikan, si Gutierrez nama'y halatang-halata sa kaniyang agenda ng pagbibigay-puri at karangalan sa mga nagawang kabutihan ng kolonyalismong España kasáma ang kaniyang pangunahing galamay, ang Simbahang Katoliko. Matatagpuan dito ang sinasabing kontribusyon ng Simbahan sa *Humanización (Historia de la Iglesia en Filipinas 97–114)*, *Educación (Historia de la Iglesia en Filipinas 139–152)* at *Labor Social (Historia de la Iglesia en*

Filipinas 153–165) sa Pilipinas. Maging nga ang mga pag-aalsa nina Tamblot, Bankaw, Dagohoy, Sumoroy at iba pa ay pinakahulugan bilang mga pagkakataong ipinakita ng Simbahan ang kaniyang pagiging tagapagpalaganap ng kapayapaan (*Historia de la Iglesia en Filipinas* 167–184). Madaling maunawaan ang ganitong agenda ng aklat ni Gutierrez. Bahagi ito ng mga publikasyong lumabas noong 1992 bilang pag-alala sa ika-500 taon ng pagdating ni Columbus sa tinatawag nilang Bagong Daigdig. Bukod pa dito, nakasulat ito sa wikang Español, isang malinaw na pagpapahayag na ito’y para sa mga Kastila, na sa katunaya’y tila walang kakampi saan mang sulok ng daigdig kapag pinag-usapan na ang kolonyalismo.

Mapagbibigyan na sana ang aklat na ito, yamang hindi naman ito talagang nilikha para gamitin bilang isang teksbuk sa pag-aaral ng kasaysayan ng Simbahan sa Pilipinas ng mga Filipino. Subalit, isinalin sa Ingles ang malaking bahagi nito bilang isang tomo ng dalawang tomong Kasaysayan ng Arkidiyosesis ng Maynila (Gutierrez, 1999; Santos at de Jesus, 1999). Sa pagkakasaling ito, hindi malayong gumapang ito sa loob ng mga silid-aralan ng mga seminaryo at paaralang katoliko bilang aklat sa kasaysayan ng Simbahan. Kakabit ng perspektiba ng bersiyong Español ang bersiyong ito sa Ingles. Ibig sabihin, ang nakapaloob dito’y isang pagpupuri ng Simbahang Katoliko sa kaniyang sarili at hindi ang paggalaw at pag-iisip ng bayan. Isang bago at pinalawak na bersiyon ng akda ni Zaide (1937), ang mga sinasabi ng aklat.

Sa mga aklat na ito makikita ang unang oryentasyon ng historya ng Simbahan sa Pilipinas. Matatagpuan sa kanilang akda ang masasalimuot na pangyayari sa loob ng institusyonal na Simbahan. Abalá ang mga pinunò nito sa mga gawaing pampamunuan, sa mga ari-arian, at sa iba pang makamundong gawain. Ang mga tao, na siya talagang gumagawa ng kasaysayan, ay nakatahimik lámang. Lumalabas na nanonood lámang o wala ni anong kamalay-malay sa nangyayari ang mga tao. Sila’y mga pasibong tagatanggap ng mga patakarán at dekreto ng patuloy na ipinalalabas ng isang institusyong nanonood sa kanila mula sa labas. Wala rin ditong malinaw na analisis pagdating sa mga taal na pananampalataya ng Indio o iyong

pananampalatayang nadatnan ng mga misyonero dito. Kay Fernandez, siyam na pahina lámang ang kinapapalooban ng mga gawaing relihiyoso ng mga Filipino bago ang kristiyanismo. Bukod pa dito ang mga paglalagay niya ng mga categoryang *superstitions, sorcerers, soothsayers*, at iba pa (*Dominicos Donde Nace El Sol* 1–9). Mawawala na ang mga ito sa susunod na kabanata na tila ba wala na silang kaugnayan sa pag-inog ng pananampalataya ng Indio. Ganito rin ang makukuhang impresyon sa aklat ni Schumacher. Sa katunayan, mas maliit pa ngang espasyo ang kaniyang inilaan para sa deskripsiyong ibinigay ni Miguel de Loarca (*Readings in Philippine Church History* 15–16). Hindi rin naiiba ang mga akda ni Gutierrez, lalong-lalo na ang bersiyong ingles. Makikita sa unang bahagi ng unang kabanata ang 15 pahina tungkol sa pananampalatayang Filipino. At ang nakatutuwa pa dito, nagsilbi itong *apologia* upang pabulaanan ang nakikita ni Gutierrez na kamalian sa pagtalakay ng mga ginawa ng mga misyonero sa mga Filipino (*Archdiocese of Manila* 1–2). Higit na mahaba din ang kaniyang diskusyon sa mga hindi natagpuan dito ng mga misyonero kaysa mga natagpuan (*Archdiocese of Manila* 5–7). Bukod sa mga ito, may sinasabi pa siyang “Folklore(sic) Catholicism” na maaaring hindi malinaw kung ano ang ibig sabihin maging sa kaniyang isip. Wala nang sinabi si Gutierrez tungkol dito liban sa eksaheradong pagsasagawa raw nito, diumano, makikita ang mga negatibong aspekto ng pagtanggap at pagsasabúhay ng mga Filipino sa pananampalataya. Makikitang hirap din si Gutierrez sa pagpapakahulugan sa pag-aalsa ni Hermano Pule. Sa huli, wala siyang nasabi tungkol dito kundi ito’y isang mapanganib na kilusan dahil sa pagiging sarado nito sa ibang lahi tulad ng mga mestizo at intsik at sa hindi pagkilala nito sa kapangyarihan ng Simbahan (*Archdiocese of Manila* 276–279). Halatang nalilito si Gutierrez dahil hindi ito ang sinasabi ng kaniyang pangunahing batis kay Hermano Pule, si Reynaldo Ileto (1979). Makikita, katunayan, ang pagkilala ng Cofradia sa Simbahan pagdating sa kaniyang mga ritwal na isinasagawa sa loob mismo ng Simbahan at sa pagkilala nito sa kahalagahan ng mga panalanging nagmumula rin dito (*Pasyon and Revolution* 31–41).

Ang ikalawang oryentasyon ay kinabibilangan ng dalawa pang akda ng mga Amerikanong historyador ng Pilipinas. Unang dapat na tukuyin ang mahalagang aklat ni John Leddy Phelan (1959). Sa unang pagkakatao'y tinangkang pagsalitain ni Phelan hindi lámang ang institusyon kundi pati na rin ang mga Filipinong tumatanggap ng Kristiyanismo o sa kaniyang termino, "hispanisasyon." Siya rin ang nagsabing higit na nagkaroon ng Pilipinisasyon ng Katolisismong Español na naging sanhi ng kawalan ng kontrol sa paglawak ng "Folk Catholicism" (160). Gayunpaman, lumalabas lámang ang mga ito bilang mga reaksiyon, samakatwid, hindi magkakaroon ng kasaysayan ang bayan kung hindi ipinakilala sa kanila ang relihiyong katoliko. Bukod pa ito sa kritisismong inihayag ng historyador na si Reynaldo Ileto ("Rizal and the Underside of Philippine History" 28–78). Ayon sa kaniya, yamang hindi nakatuntong ng Pilipinas si Phelan o maalam kayâ sa mga wika nito, malaki sa kaniyang mga sinabi'y kinulayan ng kaniyang pagiging maalam sa kasaysayan ng Amerika Latin. Hindi, ani Ileto, pinagsalita ang mga Filipino kundi inilapat lámang ang mga ito sa mga alam nang bagay tungkol sa Hispanisasyon ng Amerika.

Bukod kay Phelan, mahalaga ring tukuyin ang mga akda ni William Henry Scott (1985). Hindi maiwasang maging mahalaga ng akda ni Scott sa kasaysayan ng simbahan sa Pilipinas. Pangunahing pinagkaabalahan ni Scott ang mga nasa Hilagang Luzon na teritoryo ng mga Dominiko noong panahon ng estadong kolonyal kaya't umasa siya sa mga dokumentong isinulat ng mga ito na nasa mga artsibo. Nakabuo ng isang metodo si Scott upang mapagsalita ang mga Filipino mula sa mga dokumentong isinulat ng mga misyonero. Sa kaniyang talinghaga, tinatawag niya ang pamamaraan bilang pagsipat sa mga lamat (cracks) sa mga dokumento kung saan matatagpuan ang mga gumagalaw at buhá na natibo.

Hiwalay sa dalawang categoryang ito ang mga temang hinawi ng dalawang Filipinong sina Reynaldo Ileto (1979) at Vicente Rafael (1988). Hindi pangunahing layunin ng mga ito ang sumulat ng kasaysayan ng Simbahan sa Pilipinas pero hindi kaila ang oryentasyong "pansimbahan" sa kanilang mga akda. Kay Ileto, tinangka niyang pagsalitain ang

bayan sa pamamagitan ng pagbása ng mga pag-aalsa sa liwanag na ibinibigay ng Pasyon. Si Rafael nama'y tumunghay sa mga naging pagbása ng mga Filipino sa mga pagsasáling ginawa ng mga fraile at ladino upang maturuan ang mga Filipino sa sarili nilang wika o sa wikang dayuhan.

Sa pangkalahatan, makikita na ang problema ng Kasaysayan ng Simbahan sa Pilipinas ay ang kawalan o hindi malinaw na pagkakaugnay nito sa kabuuang pag-aaral ng pananampalataya. Limót sa kasaysayan ng Simbahan ang kasaysayan ng Bayan. Maliliit na bahagi lámang ng unang kabanata ng ilan sa mga aklat na ito ang katatagpuan ng mga pangyayari sa Bayan, i.e., sa mga tao, sa mga Filipino. Hindi na makikita ito sa sumusunod na mga kabanata na para bang nawala na ang kanilang pananampalatayang taal at walang kaugnayan ito sa kasalukuyan nilang pananampalataya. Mas abalá ang Kasaysayan ng Simbahan sa Pilipinas sa pagkausap sa kaniyang sariling malayò sa bayan at sa pagtanggì sa mga paratang ng ilang nasyonalistang historyador. Higit din itong abalá sa kaniyang politika kaysa kung paano niyang makikita't mauunawaan ang kinikilalang Diyos ng Bayan.

Tangkang Pagtugon

Upang matugunan ang ganitong suliranin, i.e., ang pagkakahiwalay ng kamalayan ng Simbahan sa kamalayang bayan, dapat munang linawin ang magkaiba/magkatunggaling konsepto ng "historia" o "history" at ng kasaysayan. Palagian itong ikinalilito ng mga nag-iisip sa mga categoryang dayuhan, partikular sa ingles (Ingles ngayon, Kastila noon). Sa katunayan, kung tatanungin ang isang táong nakapag-aral kung ano ang kasaysayan, di malayong isagot nito ang salitang "history" na tila бага naipaliwanag na ang konsepto nito sa pagbibigay ng isang "katumbas" sa ingles. Hindi nakikita ang kaibhan ng kasaysayan kaya't kung ano ang sistema ng history ay inaakalang katulad din ng sistema ng kasaysayan. Isang malinaw na halimbawa ay ang pag-ayaw ng mga estudyante sa history dahil sa kakabit nitong pagkabisá ng mga petsa at pangalan ng mga pangunahing tauhan sa isang partikular na pangyayari. Dahilan ito sa katotohanang

ang history ay isang kategoryang dayuhan na nabuo sa mga kulturang kumikilala dito bilang kronolohiya. Dahil din sa pagkilala dito bilang katulad lámang ng kasaysayan, history na lang ang itinuturo, mas madali pa para sa mga guro dahil higit na magiging obhetibo, diumano, ang kanilang mga eksamen kung itatanong nila kung kailan dumating dito sa Magellan sa halip na itanong kung ano ang inisip ng mga Filipino nang makita nila ang mga barko ng mapuputing tao. Madalas na naitatanong tuloy ng mga estudyante na “Ano ba’ng pakialam ko kung ipinanganak si Rizal noong June 19, 1861?” Hindi na nakikita ang malalim na kaugnayan ng mga pangyayari ng nakaraan sa kasalukuyan dahil “history” ang itinuturo at hindi “kasaysayan.” Ano nga ba ang kasaysayan? Itinuturo ng mga kasalukuyang historyador na ang Kasaysayan ay isang salaysay na may saysay sa isang pangkat ng tao at nasusulat/sinasambit/iniuulat sa kanilang sariling wika (Navarro, Rodriguez at Villan 159–170). Kung hindi man bumebenta sa mga tao ang mga petsa at tauhan sa history, ito’y dahil wala itong saysay para sa kanila, walang kabuluhan, at higit sa lahat walang kaugnayan sa kanilang kasalukuyan.

Sa ganitong pagkilala, dapat namang makita kung paanong mabubuo ang isang kasaysayan, i.e., salaysay na may saysay. Una’t higit sa lahat ay ang pagbabago ng pananaw. Ang pananaw, ayon sa mga kasalukuyang historyador, na nararapat sa kasalukuyang pagkalito, sa Simbahan man o sa labas nito, ay ang tinatawag na “pantayong pananaw” (Salazar 2000 46–72). Isang dalumat itong nasa loob na ng kamalayang Filipino, pinalawig na, at sa kasalukuya’y lumalawig pa. Upang maunawaan ito, kailangang bigyan munang pansin ang ilang mga panghalip panaong ginagamit araw-araw sa mga ordinaryong usapan.

Kitang-kita sa ating wika ang pagkakaiba ng mga salitang Tayo, Kayo, Kami at Sila. Sila ang salitang ginagamit kapag tinutukoy ang isang pangkat ng táong labas sa mismong tumutukoy dito at kumakausap sa kaniyang mga kasáma. Halimbawa, ung tutukuyin ko ang mga Amerikano at ilalarawan ko sila sa inyo, gagamitin ko ang “**Silang** mga Amerikano...” Kung kakausapin ko naman ang isang pangkat ng táong kaharap ko na hindi ako kabilang o tumatanggi ako

sa pagiging bahagi nito, tutukuyin ko sila bílang **Kayo**. Kaya’t kung galit ako sa inyo, sasabihin kong “Mga walanghiya **Kayo!**” Kung magsasalita naman at kakausapin ng isang pangkat ang isang táong labas sa kanila o isang pangkat kayâ na iba sa kanila, gagamitin nila ang salitang Kami. Halimbawa, “**Kami’y** mga g’wapo!” Kaiba ang **Tayo** sa lahat ng ito. Tinutukoy ng **Tayo** ang nagsasalita pati na ang kinabibilangan niyang pangkat. Halimbawa, “**Tayo’y** mga Filipino.” Hindi nito pinapansin ang nasa labas ng grupo at ang mga nasa loob lámang ang mga nag-uusap. May sariling wika sa loob nito, nagkakaintindihan kahit na sa mga galaw, alam ang iniisip ng bawat isa sa loob, walang lihim, may tulungan, alam ang tunay na hinaing ng kasáma.

Kung mayroon, samakatwid, ng isang pantayong pananaw, nangangahulugan na tayong mga Pinoy ang mag-uusap-usap. Tayo ang magkakaintindihan kahit walang salitaan, may tulungan, at iba pa. Gayunpaman, kadalasan, pangkaming pananaw ang mayroon. Litaw ang ganitong pananaw sa mga edukado. Yamang nakapagsasalita ng ibang wika, madalas nilang ipinapaliwanag ang kanilang sarili sa dayuhan. Sa piling ng mga dayuhan, ipagpipilitan nilang “Kami’y Filipino” subalit sa harap ng mga kababayan, “Kayo talagang mga Filipino.” Ang masakit pa dito, gusto nilang pantayan ang mga dayuhan maging sa pag-iisip, pananamit, at pati na sa kamalayan. Maiiba na sila sa pinanggalingang tayo at magiging Kayo na ang panukoy sa mga dáting kasáma. Sa pag-aakalang napantayan na nila ang mga puti, di iilang Filipino ang sumasabay sa mga paratang ng dayuhan, mula pa sa mga Kastila hanggang sa mga Amerikano na tamad ang Pinoy, walang disiplina ang Pinoy, di-organisado ang Pinoy. Sa paghahayag ng mga ito, lalo lámang lumilinaw ang pagkakahiwalay nila sa loob ng tayo. Sila ngayon ang nawawalan ng kakanyahan, ugaling dayuhan, pero mukha namang katutubo kayâ hindi pa rin matanggap ng dayuhan. Hindi rin naman nila gustong makilahok sa mga katutubo dahil dayuhan nga ang paraan ng pagkakakilala nila dito.

Pagdating sa relihiyon, ganito rin ang nabuong kamalayan sa maraming Filipino. Yaong mga tumanggap ng relihiyon mula sa dayuhan, iyong mga

naging katulad ng dayuhan kung kumilala at sumamba sa Diyos, ito mismo ang mga táong “kumokondena,” humahalakhak at umaalimura sa mga táong may sariling paraan ng pagkilala sa Diyos. Malinaw na malinaw ito sa tinukoy kong talata sa itaas. Hindi nakikita ng mga ito na habang inilulubog nila ang kanilang mga sarili sa pananaw ng dayuhan, lalo lámang silang lumalayo sa kaisipa’t kamalayan ng mga táong dapat nilang unawain at paglingkuran. Kayâ nga ba kung kailangan sa lipunan ang pantayong pananaw, higit pang kailangan ito sa Simbahan. Dahil kung ang lipuna’y hindi dayuhan sa simula, ang Simbahan ay dayuhan na sa simula’t simula pa. Kayâ nga ba mabilis itong magkategorya sa mga ibang paraan ng pagsamba bílang “superstition,” “sorcery,” “heresy,” at kung ano-ano pang kategoryang gáling sa dayuhan. Sa isang mas mabigat na termino, “sira ulo,” ang may ibang paraan ng pagsamba’t pananampalataya.

Sa paglilipat ng pananaw tungo sa pantayong pananaw, dapat makita at tingnan ng simbahan kung paanong nakikita at tinitingnan ng Bayan ang kaniyang Diyos na kadalasa’y iba sa Diyos na kaniyang ipinapangaral. Baka yung Diyos na sa akala niya’y nilalapastangan ng táong tinitingnan niya ay mas malapit pa sa mga “pobres e ignorantes” niyang nilalait kaysa kaniya.

Samakatwid, kailangan ang isang kasaysayan na may pantayong pananaw. Ang kasaysayan ng Simbahan ng Pilipinas ay hindi lámang nakatunghay sa mga pangyayari sa pagitan ng mga orden, awayan tungkol sa mga hacienda, sa kung ano-ano ang nagawa ng mga misyonero para sa mga tao at iba pang mga bagay na nagpapakita ng pagkakahiwalay ng daigdig ng Simbahan sa daigdig ng karaniwang Filipino. Nararapat na maging kasiping ng Kasaysayan ng Simbahan sa Pilipinas ang Kasaysayan ng Bayang Pilipinas. Nararapat ding umuunawa ito hindi lámang sa pangyayari kundi sa mismong kaisipan, kabuluhan o saysay nito sa mismong mga tao at hindi sa mga pari’t obispo.

Kakabit at pundamental sa pagbubuo ng isang pantayong pananaw sa kasaysayan ng Simbahan ng Pilipinas ang usapin tungkol sa wika. Sa lahat ng mga aklat na nabanggit, makikitang hindi isang isyu

ang usaping ito lalo na sa mga dayuhang tinukoy. Maaaring tinatalikuran, sinasadyang kalimutan o talaga lámang hindi marunong sa wikang taal ang mga historyador na ito kung kaya’t nagbubulag-bulagan na lámang sa isyu ng kung anong wika ang kanilang dapat gamitin sa pag-uulat. Hindi kataka-taka kung ang Simbaha’y gumamit ng dayuhang wika sa kaniyang kasaysayan. Partikular sa Pilipinas, simula’t simula pa lámang ng Simbahan dito’y Kastila na ang wikang ginagamit sa kasaysayan. Kahit na nga ba ang pangunahing wikang panturo noong bago sumapit ang Vatican II ay Latin, sa pagtuturo ng kasaysayan ay wikang Kastila ang ginagamit. Nang dumating ang mga Amerikano, nakita naman ng simbahang Ingles ang dapat niyang gamitin na ginagamit pa rin hanggang sa kasalukuyan. Sa panahon ng Hapon, hindi malayong nag-isip din itong Niponggo ang gamitin yamang mayroon nang pakikipag-ugnayang diplomatiko ang Simbahan ng Pilipinas sa Simbahang Hapones (Takefumi 215–246).

Kung tutuusin, ang wikang ginagamit lagi ng Simbahan sa Kasaysayan ay ang wikang ginagamit ng mga elit na siyang nakikipag-ugnayan sa kaniya. Bukod pa dito, wikang dayuhan din at hindi wika ng bayan. Bumubuo ng kamalayan ang wika at kung ang ginagamit na wika sa kasaysayan ay dayuhan, dayuhang kamalayan din ang naibibigay nito. Dayuhan din ang pagkakakilala ng ganitong kasaysayan sa bayan bunga ng mga kategoryang halaw sa diskurso at isip ng dayuhan. Hindi nahihwalay ang Simbahan sa pag-aasal ng mga politiko’t elit pagdating sa isyu ng wika. Kung natatakpan man at nakakalimutan ang usaping ito sa larangan ng politika, ito’y bunga ng samot-saring argumento at tagisan ng mga pansariling interes ng bawat isang politikong, diumano’y kumakatawan sa bawat grupong Filipino. Sa ilalim nito’y ang kawalang tiwala sa Tagalog bílang basehan ng Filipino at ang walang kamatayang akusasyon na ito’y pakana lámang ng mga Tagalog upang masakop ang buong bansa. Subalit kung wala man itong kamatayan, dahil lámang ito sa kamangmangan at amnesia dahil matagal na itong napabulaanan.

Likas sa kasaysayan ang masambit at maisulat sa wika ng mga táong gumaganap dito. Sa mga Filipino, dapat itong maisulat sa wikang Filipino.

At kung sinasabi sa itaas na dapat maging kasiping ng Kasaysayan ng Simbahan ng Pilipinas ang Kasaysayan ng Bayang Pilipinas, nararapat rin na ito'y maisulat sa wika ng bayan, sa wikang Filipino. Sa pamamagitan lámang nito magkakaroon ng pagkakataong magpakahulugan ang táong-bayan. Sa pamamagitan din lámang nito mabubuo ang kamalayang kumikilala sa kabanalan ng kaisipan ng karaniwang tao. Hangga't nag-iisip ang Simbahan sa categoryang dayuhan, magiging dayuhan pa rin ang kaniyang pagkakakilala sa kaniyang bayan. Paulit-ulit lámang niya itong lalaitin, paulit-ulit na hindi pakikilingan at magpakailanma'y hindi pagtitiwalaan. Katulad lámang siya ng mga dayuhan noon at patuloy din siyang magiging dayuhan sa mga táong inatasan siyang yakapin at paglingkuran.

Pagbibigay Kulay

Upang makita kung paano pagagalawin ang pantayong pananaw sa kasaysayan ng Simbahan sa Pilipinas, mahalagang makita dito ang ilang halimbawa na magbibigay kulay sa mga nasabi na sa itaas. May mga konsepto at "mga kasaysayan" sa relihiyon na kung tutuusin, maikli lámang ang alaala ng bayan tungkol sa mga ito. Pinutol ng dumating na kapangyarihan ang layò at katandaan ng mga alaalang ito mula sa bayan.

Isang halimbawa ng ganitong katotohanan ang makikita sa akda ng isang propesor na si Myfel Joseph D. Paluga ng Unibersidad Pang-estado ng Mindanaw. Sa pag-aaral ng isang sanga ng Kilusang *Moncadista* sa Mindanaw, nakita ni Paluga (2000) ang isang oryentasyong mula sa dayuhan sa paghahanap pa lámang ng mga ugat ng nasabing samahan. Ayon sa kaniya, ang pagkukulang ng naunang pag-aaral tungkol sa samahang *Moncadista* ay ang pagtunton ng landas nito pabalik sa mga kilusang manggagawa bunga ng krisis na likha ng Depresyon sa Amerika noong 1930s. Tulad ng kadalasan nang sinasabi tungkol sa mga ganitong kilusan, nakita lámang ang Samahang *Moncadista* bilang isang bagay na nagpagaan sa nararanasang kahirapang pang-ekonomiya ng maraming Filipino, sa kasong ito, sa Amerika noon.

Subalit hindi ganito ang nakita ni Paluga. Inihanay niya ang kasaysayang *Moncadista* sa mahabang linya ng mga ganitong uri ng kilusan sa agos ng kasaysayan. Bukod pa dito, sinikap niyang makita ang kabuuang kaisipan ng mga *Moncadista* tungkol sa kanilang kasaysayan. Lumabas na "ang sariling pagsasakasaysayan ng *Alpha and Omega* ay nasa balangkas ng 'nawaglit na paraiso,'" paghahanap at sa huli'y pagkakatuksa nito. Samakatwid, sa halip na sundan ang nakagawian nang pagsusulat sa kasaysayan ng isang organisasyon mula sa sosyolohiko at pang-ekonomiyang pananaw, pumasok si Paluga sa mas malalim na dimensiyon ng diskursong umiinog sa loob ng mismong samahan. Hindi nasampay, dahil dito, ang kasaysayan ng *Alpha and Omega* sa kasaysayan ng dayuhan. Nabuo ang isang kasaysayan na nakapaloob sa mas mahaba at mas malalim na kabuuan ng kasaysayan ng bayan. Higit na malinaw ding makikita sa akda ni Paluga ang kaugnayan ng kasalukuyan sa nakaraan kahit na sa pag-aaral lámang ng isang maliit na kapatiran sa lipunang Filipino.

Ang pagputol na ito sa isang mahabang alaala at kaugnayan sa isang malawakan at malalim na diskurso ng bayan ang makikita sa maraming konsepto at mga pangyayari sa kasaysayan sa mga mata ng Simbahan ng Pilipinas. Sinisimulan lámang ng Simbahan ang mga alaala nito sa pagdating ng mga Kastila gayong makikita namang may malalim ding kaugnayan ang mga ito sa pananampalatayang Pinoy bago pa man dumating ang mga dayuhan.

Isa sa mga konseptong ito ang mismong salitang Simbahan. Sa kasalukuyan, kinikilala ito bilang "Church" o ang Iglesia, gayundin, ang gusaling sambahan. Subalit limot ng maraming Filipino na ito'y dáting tawag sa bahay ng datu na karaniwang may lugar para sa mga pagtitipon at kasayahan. Katunayan, tinatawag na simbahan ang bahay ng datu lalong- lalo na sa panahon ng mga kapistahan na tumatagal sa loob ng mga apat na araw. Samakatwid, bilang isang bayan, dito nararanasan ng ating mga ninuno ang kapatiran, samahan, pagmamahalan, at pakikipag-ugnayan sa kanilang mga kapatid at kapitbahay. Dito'y sama-sama sila, pati na ang datu at ang babaylan sa pagpupuri, pag-aalay, at pagsamba

kay Bathala. Pero sa kasalukuyan, kadalasang ipinagbabawal sa loob ng simbahan ang paggawa ng anumang ingay, kadalasan, maging ang pagsigaw at pagpupuri sa Diyos sa pamamagitan ng mga paraang hindi nakagawian. Naputol ng pagdating ng mga Kastila ang masayang alaala sa loob ng isang Simbahan at pinalitan ito ng malungkot at tahimik na kapaligiran ng isang templong Europeo. Pinilit ng mga dayuhang kalimutan ng Filipino ang mahabang kasayahan niyang nararanasan sa pagsamba at isinaksak din nang pilit ang konsepto ng isang pagsambang walang pakialam sa kapwa kundi doon lang sa sinasamba.

Isa pang konsepto o maaaring simbolo ng pananampalatayang Katoliko ang Pari. Sa kasalukuyan pari ang mga pari ayon sa mitikal na orden ni Melchisedek, isang paring hari noong panahon ni Abraham, gayundin sa kaparian ng mga apostoles ni Kristo. Tila malayo ang alaala ng mga pari. Pero sa totoo lang, dahil ito ang ipinataw na alaala ng mga dayuhan, nalimot na rin ng pari ang kaniyang mga ugat sa mga babaylan at katalonan (Salazar, 1999; Gealogo, 1994; Santiago, 1987; De la Costa, 1979; Schumacher, 1979). Sa mga babaylan ay lumalapit ang mga tao upang guminhawa sa nararamdaman, gayundin upang malaman ang ninanais ni Bathala, maging sa pagtatanim sa bukid o sa pang-araw-araw na pamumuhay. Subalit, base na rin sa karanasan, kadalasang lumalapit ang tao sa pari para mapalapit sa mga kapangyarihang politikal pati na pang-ekonomiya. Nagkaroon, kung baga, ng pagbabago sa kapangyarihan ng isang pari/babaylan. Mula sa kapangyarihang mistikal, naging politikal na lámang ang lumalabas na kapangyarihan sa isang pari. Malinaw na bunga rin ito ng isang maikling alaala o ng pagkakaputol ng kasalukuyang paring Filipino mula sa pagkapari ng kaniyang mga ninuno.

Isang librito ang nabili ko sa Quiapo. Hindi ito hayag na nakalatag sa tabi ng mga nobena. Kailangang ipagtanong ito sa nagtitinda at kung sakaling nadama niya na ika'y kaisang-loob, maaari niyang ibigay ito ng 35 piso pababâ hanggang libre. Kung hindi niya madama ang iyong pagiging kaisang-loob, aabot ito ng isang daan o higit pa. Ang libritong ito ay ang Kasaysayan ng Langit (walang petsa). Kung walang

pantayong pananaw ang babása dito, iisipin mong nanggaling ito sa demonyo kaya't dapat sunugin. May mga salitang hindi naman latin, hindi rin kastila, lalong hindi rin ito pinaghalong latin at kastila. Mayroon ding Tagalog na parang nakakakilabot kung basáhin. Pero kung meron kang pantayong pananaw, makikita mong nandito ang pagkakaunawa ng mga karaniwang tao sa Santisima Trinidad o sa Diyos nating mga Katoliko. Sa Kasaysayan...mayroong Dios Ama, Dios Anak, at Dios Espiritu Santo...liban pa sa Infinito Dios, na tinutukoy dito bílang Diyos ng mga "erejes." Mas mataas ang Infinito Dios sa tatlong persona. Katunayan, si Kristo nga ay apo ng Infinito Dios at siya ang lumikha sa tatlong persona. Una pa sa kanilang nalikha si Maria o si Bulaklak, sumunod ay ang mga anito na nagmula sa pawis sa tagliran ng Infinito Dios. Hindi matanggap ng mga Filipino na pinakamataas na ang tatlong persona, dahil nga ito'y mga persona, i.e., mga tao. Bukod pa ito sa pagiging dayuhan ng Santisima Trinidad na pumipilit na sumakop kay Bathala. Kayâ nga kailangan ng isa pang Infinito Dios na mas mataas sa tatlo (Covar, 1993). Pero nagkaroon ng pagniniig ang kapangyarihan ng Dios Anak at Infinito Dios dahil bininyagan ng apo (si Kristo) ang Nuno (Infinito Dios) nang ilusot nito ang kaniyang daliri sa pinagtataguang bato matapos ang matagal na tagisan ng kapangyarihan sa Bundok ng Boord. Malaking liwanag ang maibibigay ng libritong ito sa kung paanong mag-isip ang mga Filipino, partikular, sa mga doktrinang ipinangaral ng Simbahang Katoliko. Hindi ba't malinaw ditong inuunawa ng mga Filipino ang pananampalatayang Katoliko Kristiyano sa liwanag ng pananampalataya ng kanilang mga ninuno? (Salazar, 1999; Abrera, 1992; Pambid, 2000). Bukod pa dito, nagpapakita rin ang Kasaysayan ng partikular na pagkakaunawa ng mga Filipino sa kasaysayan ng kanilang pananampalataya na madalas kalimutan sa Kasaysayan ng Simbahan sa Pilipinas dahil na nga sa mga sinasabi sa itaas.

Isa marahil sa higit na nakatanggap ng pag-alimura sa Simbahan ay ang Himagsikan. Dahil kinakalaban nito ang Simbahan, ninanais nito, maging sa kasalukuyan, na limutin ang yamang naihahandog ng Himagsikang ito. Sa Himagsikan matatagpuan ang mga taal at katutubong kaisipan tungkol sa

kapatiran, sa pagmamahalan, sa pag-ibig sa Diyos at sa Bayan (Agpalo, 1992; Salazar, 1999). Sa halip na pakinggan ang sinasabi nito, lumabas ang maraming pahayag mula sa Simbahan na tumatanggi sa mga akusasyon nito. Mula pa 1898, kayamanan na at lakas ang ibinuhos ng Simbahan sa pagtanggì sa mga sinasabi niyang paninira ng himagsikan sa kaniyang pangalan (Villaroel 113–155; Fernandez, *Dominicos Donde Nace El Sol* 537–539). Hindi tuloy nakuha ang pagkakataong unawain at palalimin ang mga itinuturo nitong katotohanan tungkol sa pananampalataya ng isang Filipino na napakahalagang batis kung tunay ngang nais na sumulat ng isang bagong kasaysayan ng Simbahan.

Ano't anuman ang motibo sa likod ng mga ito, malinaw pa rin na sa simula't simula hanggang sa kasalukuyan ay mainit na ang mata ng simbahan sa himagsikan. Ang ganitong pag-aasal ay maaari ding makita sa kaiklian ng alaala nito. Gaya ng maraming aspekto ng pananampalataya sa kasalukuyan, pinutol ng kanluraning pananaw ang mahabang gunita na nagsisilbing batis ng Himagsikang 1896. Dahilan ito sa pagsampay din ng Simbahan sa paniniwalang nagmula sa liberalismo ng Europa ang mga ideya ng himagsikan. Katunayan, naniniwala ang Simbahan noon na ang Himagsikan sa Pilipinas ay bahagi lámang ng isang malawakang kilusan ng mga Mason laban sa Simbahang Katoliko (Friar Memorial, 1898). Nanatili ito nang matagal sa kaisipan ng Simbahan. Bagaman hindi ito litaw sa kasalukuyan, nahahayag naman sa kaniyang kawalan ng interes dito ang epekto ng malawakang pagsupil dito ng mga Kastila at pagdating ng panahon, mga Amerikano (Schumacher, 1994).

Upang maiwasan at makapagsimula ng isang maayos na pag-unawa ang Simbahan sa Himagsikan, mahalagang makita ito na hindi nagmula lámang sa Masoneriya kundi, higit sa lahat, sa mahabang kasaysayan ng pakikibaka ng mga Filipino. Sa gayo'y makikita ng Simbahan na sa simula't simula pa lámang ng kolonyalismo ay lumalaban na ang kaniyang mga ninuno. Bukod dito, dapat ding makita ang kaugnayang diskursibo o ang kaugnayan ng Himagsikan sa kolektibong kaisipan ng mga Filipinong lumalaban na sa mga Kastila mula pa man

1571 (Hernandez, 1998; Salazar 1997).

Kung tutuusin, ang Himagsikan nga ang dapat na makita ng Simbahan bílang rurok ng tagumpay ng kaniyang mga itinuturo. Kung nagkaroon man ng artikulasyon ang kaisipang bumabalot sa paghihimagsik at pakikipaglaban, malaking tulong din ang naibigay ng simbahan dito yamang malaking bahagi ng turo ng Katipunan ay hindi maitatangging turo din ng Simbahan. Sa pagsusulat ng isang Bagong Kasaysayan ng Simbahan ng Pilipinas, dapat makita ang Himagsikan bílang bahagi, kundi man sukdulan ng umiinog na pananampalataya ng isang Filipino. Isang pananampalatayang mapagpalaya at nagbibigay kapangyarihan sa sinumang humahawak nito. Hindi ito dapat makita bílang isang pangyayaring dapat talikuran kundi isang pangyayaring kapupulutan ng aral ng bawat isang táong nagnanais isabúhay ang inangkin niyang pananampalataya. Sa hulí, higit pa ngang malakas ang pananampalataya ng mga naghimagsik at bumatikos sa Simbahan noon. Tungkulin ng sinumang mananampalataya ang batikusin at kalabanin ang nakikita niyang gumagawa ng kasamaan sa bayan, sa loob o labas man ng Katolikong Simbahan (Hernandez, 1997).

Pagsasakasaysayan

Sa layuning ito, isang bagong peryodisasyon ang nais na isulong sa pag-aaral na ito: Una, 3000 B.K.–1565; ikalawa, 1565–1599; ikatlo, 1599–1663; ikaapat, 1663–1744; panlima, 1744–1842; pang-anim, 1842–1896; at pampito, 1896–1950.

Pananampalatayang Austronesya (3000 B.K.–1565)

Tinatayang dumating sa sangkapuluan ang isang pangkat na tinatawag ngayong mga Austronesya noong taóng 3000 B.K. (Bago sa Kasalukuyan). Wika ang pangunahing patunay ng pag-iral ng pangkat na ito at matatagpuan ang iba't ibang anyo ng nasabing wika sa Pilipinas at maging sa Indonesia, Malaysia, mga Isla sa Pasipiko hanggang sa Easter Island sa gawing silangan. Sa gawing kanluran ay umabot

din ang mga Austronesya sa Madagascar. Isang pamilya ng mga wika ang Austronesya at ito rin ang kinikilalang pinakamalaking pamilya ng wika sa buong mundo.

Kaakibat ng kanilang wika ang kalinangang Austronesya. Bahagi ng kanilang kalinangan ang kanilang pananampalataya. Mahalagang maunawaan ang pangunahing salitang ginagamit nila para sa kanilang pananampalataya, i.e., ang salitang Anito at mga kogneyt nito. Narito ang isang talahanayan ng mga pakahulugan sa Anito (Hernandez, 2014):

Makikitang nagkakaisa ang mga salitang ito sa pakahulugan bilang kaluluwa ng mga yumao/ninuno. Bagaman may makikitang pagbabago sa gawing Bikol (Diwata), Bisaya (Diwata, Umalagad), T'boli (Demwata), makikita ring hindi naman talaga nag-iiba ang mga kahulugan nito. Ang pagturing sa mga ito bilang supersticion o pagsamba sa idolo ay bunga ng pagiging Kristiyano ng mga nagdokumento. Tumutukoy din ito sa mismong pagsamba o galaw yamang ang isang pangngalan (noun) sa wikang Austronesya ay maaaring maging isang pandiwa (verb).

Subalit paano ba makipag-ugnayan sa mga Anito ang ating mga ninuno? Isang paglalarawan ang

makikita sa akda ng isang Heswita pagsapit ng ika-18 dantaon. Ayon dito:

Sa bahay, sa bukid, sa parang, bundok, ilog, dagat, at ang buong kapaligiran ay napapaligiran ng mga hindi nakikitang espiritu na siyang tumutulong o nakakasira kayâ sa isang maginhawang búhay. Ayon pa nga sa tala ni Tomas Ortiz noong 1713 (Gardner 1911), maraming pagkakataong tumatawag ang mga Filipino sa anito. Humihingi sila sa mga ito ng pahintulot sa pagkuha ng bulaklak, bungang-kahoy, kapag dumaraan sa isang parang, batis, sapa, malalaking punò, sa mga masusukal na daan, at sa alinmang gawaing pang-araw-araw. Katunayan, sa pagdating ng mga misyonero, sakaling puputol ng punò na hindi magagawa ang isang ritwal, hinihiling rin nila ang patawad nito at sinasabing hindi talaga nila nais na lumabag sa kahilingan ng anito kundi nais lámang ng paring gawin nila ito. Humihingi rin sila sa mga anito ng awa, tulong, at upang hindi sila saktan ng mga ito o kaya'y saktan ng kanilang mga kaaway.

Sa pangkalahatan, masasabing ang pangunahing

WIKANG	SALITA	KAHULUGAN	DOKUMENTASYON
Austronesya	Anitu, Hantu	Kaluluwa ng yumao	Dempwolff
Indones	Anito	Kaluluwa ng ninuno	Dempwolff
Melanesyo	Vatu/Nitu	Bato, itinayo para sa dakilang tao	Dempwolff
Fijiano	Vatu/Nitu	Bato, itinayo para sa dakilang tao	Dempwolff
Polinesyo	Aitu	Demonyo	Dempwolff
Samoano	Aitu	Demonyo	Dempwolff
Ivatan	Añitu	Kaluluwa ng yumao	Hornedo
Ifugao (Batad)	Aninito	Kaluluwa ng yumao	SIL
Ilokano	Anito	Supersticion	Carro
Kapampangan	Anito	Kaluluwa ng ninuno	Bergaño
Tagalog	Anito/Nono	Kaluluwa ng ninuno; pagsamba sa idolo o pag-aalay	Noceda y Sanlucar; De San Buenaventura
Bikol	Anito/Diwata	Kaluluwa ng ninuno	Lisboa
Bisaya	Anito/Diwata/Umalagad	Diwata o umalagad	De Mentrída
T'boli	Demwata	Espiritu ng yumao	SIL

gabay ng pakikipag-ugnayan sa mga Anito ay ang pakikipagkapwa. Ibig sabihin, hindi kinikilala ng mga sinaunang Filipino na iba sa kanila ang kanilang mga ninuno. Kapwa ang tingin sa kanila, hindi iba, katulad lámang sila na may damdamin at kalooban kung kaya't kung ano ang pakikipag-ugnayan sa tao ay gayon din sa kalikásan at mga Anito. Ganito ang magiging pag-aasal at kabuuang kosmolohiya ng mga Filipino mula sa Manunggul ng taóng 890–710 B.K. hanggang kahit sa pagpapatawad ng utang na nasa Laguna Copper Plate na may taóng 900 A.D. Sa kabila naman ng pagdating ng Islam noong huling bahagi ng ika-14 na dantaon, nakabuo pa rin ang mga Filipino noon ng isang partikular na pagturing sa Islam na iba sa mga Arabo. Hanggang nang unang dumating ang mga Kristiyano noong 1521 ay makikita pa ring nagpatuloy ang sinaunang pananampalataya lalo na sa testimonya ni Gaspar de San Agustin na itinuring na Anito ang sinasabing regalo ni Magellan kay Humabon na imahen ng Sto. Niño. Ang ganitong pag-aasal ay masusubukan sa pagdating ng malaki at malawakang pananakop ni Legazpi sa taóng 1565.

Pananampalataya at Pagtatatag ng Kolonya (1565–1599)

Maaaring hatiin sa tatlong bahagi ang panahon ng pagtatatag ng kolonyang Español sa Pilipinas. Una, ang mga taóng 1565–1582 kung saan nagkaroon ng mga ekspedisyon at pakikipagsandugo si Legazpi hanggang sa Sinodo ng Maynila. Ikalawa, 1582–1588, o magmula nang mapagkasunduan ang gagawing pananakop hanggang sa malawakang pag-aalsa ng mga datu ng Tondo pagsapit ng 1588. Ikatlo, 1588–1599, o magmula sa pag-aalsa ng mga datu hanggang sa ginawang referendum pagsapit ng 1599.

Mahalaga ang Sinodo ng Maynila (1582) sa pamumuno ni Domingo de Salazar yamang sisimulan nito ang isang bagong panahon ng pagtatala sa mga gawi at kalinangan ng mga “Indio.” Mga kasangkapan para sa pagsasakristiyano ng bayan. Kapansin-pansing pagkatapos ng Sinodo, nabuo ang maraming etnograpiyang Español tungkol sa mga Filipino, e.g., Plasencia (Costumbres) 1589; Morga (Sucesos) 1609; Aduarte (Historia) 1640; Chirino

(Relacion) 1604; Alcina (Historia) 1668; De San Agustin (Conquistas) 1698, atbp. Nangangahulugan ito ng puspusang pagpapatupad ng *reducción* at patuloy na pagpapakalat ng bagong relihiyon. Bunga nito’y magkakaroon ng malawakang pag-aalsa ang mga datu ng Tondo at mga karatig-bayan mula 1587 hanggang 1588. Sa laki ng mga ugnayang nakita ng mga kolonisador, ginawa nitong kitilin ang búhay ng maraming nakilahok dito o di kaya’y ipatapon sa Marianas. Binigyan din ng mga pribilehiyo ang mga hindi nagsilahok. Bukod pa, mahalagang yugto ang 1599 sapagkat ito ang panghahawakan ng mga Kastila bílang pangunahing lehitimasyon ng kanilang pananakop at pagbalikwas nito sa pag-aalsa ng mga datu. Bunga ng pagsisikap ng Obispo Domingo de Salazar at Miguel de Benavides, pumayag si Felipe II na magkaroon ng isang referendum sa Pilipinas upang tanungin ang mga Filipino kung payag ba silang maging sakop ng Hari. Bagaman nakatakdang gawin ito sa iba’t ibang lalawigan ay malinaw lámang na nagawa ito sa Pangasinan kung saan pumayag ang mga tagaroong mapasailalim ng Hari.

Mahalaga ang mga pangyayaring ito sapagkat makikita ang pagsisikap ng mga kolonisador na gawing lehitimo ang kanilang pananakop ayon sa kanilang mga batas. Sa mga Filipino, malinaw na ang pagtanggap sa mananakop ay isang uri ng pakikipagkapwa. Gayundin, ang pagtanggap ng bagong pananampalataya ay hindi pagtalikod sa dati kundi pagpapalawak at pagpapalakas nito.

Pakikipagtunggali (1599–1663)

Kaugnay ng mga pagbabagong ito at malakas na habas ng Kristiyanisasyon ang magiging reaksiyon ng mga Filipino. Mga pag-aalsa ng mga pangkat etniko sa Hilagang Luzon: Pag-aalsa sa Cordillera (1601); Pag-aalsa ng mga Itneg (1625–1627). Mga pag-aalsa bílang tangkang pagbabalik sa sinaunang pananampalataya: Tamblot at Bankaw (1621–1622); Sumuroy at Pedro Caamug (1649–1650); Tapar (1663).

Kapansin-pansin na sa mga pag-aalsa ito ay malakas ang mga elementong pang-relihiyoso. Di tulad ng pag-aalsa ng mga datu noong 1587, higit

na malakas sa mga pag-aalsang ito ang pagnanais na palayasin ang mga mananakop upang maibalik ang dating pananampalataya sa mga Anito. Marami ring pagkakataong tumatakas mula sa reduccion ang mga mamamayan upang makabalik sa bundok at doo'y sumambang muli sa mga Anitong ipinagbabawal ng mga mananakop.

Pagbubuo (1663–1745)

Matapos ang mga pag-aalsang katulad ng kay Tapar noong 1663, tila magkakaroon ng pansamantaláng katahimikan sa kolonya. Masasabing nagsisimula na ang bayang tanggapin nang dahan-dahan ang bagong pananampalataya. Lalo na nang magkaroon ng panibagong pag-uusig sa mga Babaylan/Katalonan sa Laguna pagsapit ng 1680. Bukod ito sa dalawang pag-aalsang kaugnay ng mga isyung agraryo ng 1718 ni Francisco Rivera at 1719 ni Juan Caragay. Kakaiba ang magiging anyo ng pag-aalsa ni Dagohoy (1744–1829). Hindi pagbabalik sa dating pananampalataya ang ipinaglalaban. Tila sa pagkakataong ito, naangkin na ng maraming Filipino ang relihiyong Katoliko. Katunayan, magiging pagsisimula ng pag-aalsa ang pagtanggì ng paring basbasan ang bangkay ng kapatid ni Dagohoy. Malaking galit ang nakamit ng mga mananakop yamang isinusumbat nila sa mga mananakop ang kanilang pagtanggap sa dayuhang pananampalataya subalit ngayo'y ipinagkakait. Sa panahon ding ito ay magiging abalá ang Simbahang Katoliko sa pagpapalawig ng kanilang mga ari-arian. Magsisimula din ang isang frailocracia pagsapit ng 1719 nang paslangin ang Gobernador Heneral na si Bustamante hanggang sa umabot sa ruok ang mga pang-aabuso at mapilitang mag-alsa ang mga magsasaka sa taóng 1745.

Buo at Buháy na Pananampalataya (1745–1841)

Hindi matatapos sa pagpigil ng pag-aalsang agraryo ng 1745 ang hinaing ng mga mamamayan. Pagsapit ng 1820, magpapatuloy ang mga kaanak ng naunang pag-aalsa ang isa pang pag-aalsa laban sa mga Español. Mahalaga ang pag-aalsa ni Apolinario dela Cruz (1840–1841) yamang tanda ito ng pagkakabuo

ng Pananampalatayang Bayan. Hindi na ipinaglalaban ang pagbabalik sa dating pananampalataya sapagkat naipasok na sa mga konseptong Filipino ang mga kaisipang Kristiyano. Resulta si Pule ng mahabang talaban ng Anituismo at Katolisismo.

Pananampalatayang nasa Kalooban (1841–1896)

Hindi nagtapos kay Hermano Puli ang kaniyang pag-aalsa. Sa halip, nagpatuloy pa ito pagsapit ng 1871–1872 sa katauhan naman ng kaniyang kanang kamay na si Januario Labios. Samantála, patuloy na ipaglalaban ng mga paring Filipino ang kanilang karapatan sa mga parokya na aabot sa pagbitay sa tatlong pari na sina Gomez, Burgos, at Zamora. Magsisimulang batikusin ng mga Ilustrado ang mga fraile sa panahon ng Kilusang Propaganda. Kaakibat din nito ang kanilang nakikitang pagkabansot ng bansa bunga ng mga itinuturo ng relihiyong Katoliko. Hindi isyu ng Himagsikang 1896 ang pananampalataya dahil nananalaytay na ito sa kaniyang kalamnan. Matatagpuan ang pananampalataya sa kanilang mga katuruan at maging sa kanilang paniniwala sa mga anting-anting.

Hamon ng Pagsasakasaysayan (1896–1950)

Sa pagsapit ng ika-20 dantaon, magsisimula na at matagumpay na mabubuo ang pagsasakasaysayan ng bayan sa kaniyang pananampalataya. Sa kabila ito ng katotohanang darating din ang iba't ibang mga sektang protestante na dala ng mga Amerikano. Matatagpuan ang pagsasakasaysayang ito sa libritong “Kasaysayan ng Langit, Kapangyarihan Laban sa Kasamaan.” Walang petsang matatagpuan sa librito, gayunman, mapapansing isa itong pinaikling bersiyon ng mahabang pagsasalaysay sa aklat na “Lihim na Karunungan” na inilimbag noong 1950 (Hernandez 2014; Pambid, 2000).

Nakahayag sa librito ang isang salaysay tungkol sa ginawang paglikha sa mundo ng tinatawag na Infinito Dios, a.k.a. Bathala. Bukod sa paglikha ng sansinukob, nilikha rin ng Infinito Dios ang dalawampu't apat na Anito kung saan nagmula ang Santisima Trinidad. Nang makita ni Kristo ang

daigdig, inakala niyang sila lámang ng Santisima Trinidad ang naroroon. Nagtaka siya nang makita ang mga yápak na patungo sa isang batuhan. Sinundan niya ito at natagpuan ang Infinito Dios na hinabol niya upang binyagan. Ayaw magpabinyag ng Infinito Dios kung kayâ nagsimula ang kanilang labanan na magwawakas sa bundok ng Boord. Sa págod ng Infinito Dios ay nagpabinyag na ito kay Kristo. Nangangahulugan ng pagsasanib sa kapangyarihan ng dalawa. Kung baga, sa pagkakaunawa ng bayan, ang pagtanggap kay Kristo ay hindi pagtalikod kay Bathala kundi pagsasanib ng kanilang kapangyarihan.

Talinghaga at mitolohiya ng pagtanggap sa Kristiyanidad ang Kasaysayan ng Langit. Ito rin ang nakikitang dahilan ng bayan kung bakit tinanggap ang bagong pananampalatayang ito. Pagsasakasaysayan ito ng bayan sa pangkalahatan.

Kongklusyon

Sa kasalukuyan, ang Simbahang Filipino at ang Pilipinas sa kabuuan ay nahaharap sa isang krisis sa pag-unawa ng kaniyang pananampalataya. Bunga ito ng mahabang panahon niyang pagsahod sa ibinubuhos ng dayuhan. Kitang-kita ito sa kaniyang pagkilala sa kaniyang kasaysayan, isang kasaysayang malayò sa Bayan. Ang pagbabago ng pananaw ang iminumungkahi ditong paraan upang magkaroon ng pagbabago. Isang pananaw na pantayo o ang pantayong pananaw. Sa pamamagitan nito’y maaaring makita at marinig marahil ang ginagawa at iniisip ng mga Filipino mula sa kanilang sariling pananaw. Doon pa lámang siguro magaganap na ang Simbahang Filipino ay ang Bayang Filipino.

Kapag nagkagayon, hindi na marahil makikita ang pagpapahayag ng pananampalataya ng isang ordinaryong Filipino bílang isang paglapastangan. Hindi magiging paglapastangan, halimbawa, ang paglalagay ng isang dyipni drayber ng isang altar na may rosaryo, imahen ng birhen, at Sto. Niño sa gitna ng mga istiker ng mga hubad na babae. Hindi na ito magiging paglapastangan sapagkat makikita na ito bílang pagpapahayag ng pananampalataya ng isang karaniwang tao. Hindi na paglapastangan ang kabuluhan nito kundi pagpapahayag ng

pananampalataya na nananatiling dalisay sa mundo ng kaguluhan. Makabubuti sa Simbahang tumahimik muna’t pagnilayan ang sinasabi ng bayan. Dahil sa puntong ito, “...nakababagot na lamang ang mga salita, magaspang at walang lakas...” (Rizal 2005)

Sanggunian

- Abrera, Bernadette. *Ang Numismatika ng Anting-anting: Panimulang Paghawan ng Isang Landas Tungo sa Pag-unawa ng Kasaysayan at Kalinangang Pilipino*. Tesis Masteral sa Kasaysayan, Dalubhasaan ng Agham Panlipunan at Pilosopiya, Unibersidad ng Pilipinas, Diliman, 1992. Hindi pa nalalathala.
- Acts and Decrees of the Second Plenary Council of the Philippines. Manila: The Secretariat, Second Plenary Council of the Philippines, Catholic Bishops’ Conference of the Philippines, 1992. Print.
- Agpalo, Remigio. “Liwanag at Dilim: The Political Philosophy of Emilio Jacinto” sa
- Remigio Agpalo. *Adventures in Political Science*. Quezon City: University of the Philippines Press, 1992. pp. 51–61. Print.
- Belita, Jaime A. *The Way of Greater Self: Constructing a Theology Around a Filipino Mythos*. Manila: De la Salle University Press, 1991. Print.
- Beltran, Benigno P. *The Christology of the Inarticulate*. Manila: Divine Word Publications, 1987. Print.
- Bulatao, Jaime C. “Split-level Christianity” sa Jaime C. Bulatao. *Phenomena and Their Interpretation*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 1992. 22–31. Print.
- Colin, Francisco. *Labor Evangelica, Ministerios Apostolicos de los Obreros de la Compania de Jesus en las Islas Filipinas*. Madrid, 1663. 65. Print.
- De La Costa, Horacio. *Readings in Philippine History*. Manila: Bookmark, Inc., 1965. Print.
- . “The Development of the Native Clergy in the Philippines” sa *The Filipino Clergy: Historical Studies and Future Perspectives*. Loyola Papers no. 12, Manila, 1979. pp. 16–59. Print.
- Fernandez, Pablo V. *Dominicos Donde Nace El Sol*. Manila, 1958. Print.
- . *History of the Church in the Philippines (1521–1898)*. Manila: National Bookstore, 1979. Print.
- Gardner, Fletcher. *Philippine (Tagalog) Superstitions*. The Journal of American Folklore. Vol. 19, no. 74 (July–September, 1906). pp. 191–204. Print.

- Gealogo, Francis A. "Hermeneutika ng Pakikipagtunggali: Ang Pagpapakahulugan sa Diskurso ng Pakikibakang Panlipunan" sa *The Philippine Social Sciences Review*, 1994. pp. 1–37. Print.
- Gutierrez, Lucio. *Archdiocese of Manila: A Pilgrimage in Time (1565–1999), Vol. I, Part I*. Manila: The Roman Catholic Archbishop of Manila, 1999. Print.
- . *Historia de la Iglesia en Filipinas (1565–1900)*. Madrid: Editorial MAPFRE, 1992. Print.
- Hernandez, Jose Rhommel B. "Ang Pag-aangkin ng mga Pilipino sa Kristiyanismo: Ang Kaso ng Libritong Kasaysayan ng Langit, Kapangyarihan Laban sa Kasamaan" sa *Colloquia Manilana*. Vol. 11, pp. 80–120, 2003. Print.
- . "Ang Maka-relihiyong Kasamaan ng Katipunan" sa *Justitia*. Vol. 4, 1997. Print.
- . "Mga Bagong Pag-aaral sa Kasaysayan ng Himagsikan: Isang Pagpapalutang sa Kalayaan" sa *Justitia*. Vol. 5, 1998. pp. 127–150. Print.
- Ileto, Reynaldo C. *Pasyon and Revolution, Popular Movements in the Philippines, 1840–1910*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 1979. Print.
- . "Rizal and the Underside of Philippine History" sa *Filipinos and Their Revolution: Event, Discourse and Historiography*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 1998. pp. 29–78. Print.
- "Insurrections by Filipinos in the Seventeenth Century" sa Blair and Robertson. *The Philippine Islands*, Vol. 38. pp. 87–240. Print.
- Mercado, Leonardo, ed. *Doing Filipino Theology*. Manila: Divine Word Publications, 1997. Print.
- Navarro, Atoy et al., mga patnugot. *Pantayong Pananaw: Ugat at Kabuluhan, Pambungad sa Pag-aaral ng Bagong Kasaysayan*. Lungsod Quezon: Palimbagan ng Lahi, 2000. Print.
- Paluga, Myfel Joseph D. "Araw at Gahum ng New Israel sa Mindanao: Isang Pag-aaral sa Sekta ng Moncado Alpha and Omega sa Perspektibang Historiko-Kultural" sa *Bagong Kasaysayan*, Lathalain blg. 9. Lungsod Quezon: BAKAS, 2000. Print.
- Pambid, Nenita D. *Anting-anting: O Kung Bakit Nagtatago sa Loob ng Bato si Bathala*. Lungsod Quezon: University of the Philippines Press, 2000. Print.
- Phelan, John Leddy. *The Hispanization of the Philippines, Spanish Aims and Filipino Responses, 1565–1700*. Madison: The University of Wisconsin Press, 1959. Print.
- Plasencia, Juan de. "Relation of the Worship of the Tagalogs, Their God and Their Burials and Superstitions" sa Blair and Robertson. *The Philippine Islands*, vol. 7. pp. 185–197. Print.
- Rizal, Jose. Noli Me Tangere. Manila: National Historical Commission, 2005 (Facsimile of the Original Manuscript). Print.
- Salazar, Zeus A. "A Legacy of the Propaganda: The Tripartite View of Philippine History" sa Z.A. Salazar, ed. *The Ethnic Dimension: Papers on Philippine Culture, History and Psychology*. Kolonya: Counselling Center for Filipinos, 1983. Print.
- . "Ang Babaylan sa Kasaysayan ng Pilipinas" sa *Bagong Kasaysayan* Lathalain Blg. 4. Lungsod Quezon: BAKAS, 1999. Print.
- . "Ang Kartilya ni Emilio Jacinto at ang Diwang Pilipino sa Agos ng Kasaysayan sa *Bagong Kasaysayan*. Lathalain blg. 6. Lungsod Quezon: BAKAS, 1999. Print.
- . Ang Pantayong Pananaw Bilang Diskursong Pangkabihasnan kina Atoy Navarro et al., mga Patnugot. *Pantayong Pananaw: Ugat at Kabuluhan, Pambungad sa Pag-aaral ng Bagong Kasaysayan*. Lungsod Quezon: Palimbagan ng Lahi, 2000. Print.
- Santiago, Luciano P.R. *The Hidden Light: The First Filipino Priests*. Quezon City: New Day Publishers, 1987. Print.
- Schumacher, John N. "Ang Makabayang Programa ng Katipunan: Makarelihiyon o Laban sa Relihiyon" kay Ferdinand C. Llanes, ed. *Katipunan: Isang Pambansang Kilusan*. Lungsod Quezon: Trinitas Publishing Inc., 1994. pp. 139–154. Print.
- . *Readings in Philippine Church History*. Quezon City: Loyola School of Theology, 1987. Print.
- . "The Eighteenth Century Filipino Clergy: A Footnote to de la Costa" sa *The Filipino Clergy: Historical Studies and Future Perspectives*. Loyola Papers no. 12. Manila, 1979. Pp. 60–78. Print.
- Scott, William Henry. *Cracks in the Parchment Curtain and Other Essays in Philippine History*. Quezon City: New Day Publishers, 1982. Print.
- Sunga, Emmanuel V., et al. *The Archdiocese of Manila: A Pilgrimage in Time (1565–1999), Vol. II, Parts II, III, IV*. Manila: The Roman Catholic Archbishop of Manila, 1999. Print.
- Takefumi, Terada. "The Religious Propaganda Program for the Christian Churches" sa Ikehata Setsuho at Ricardo Trota Jose, eds. *The Philippines Under Japan, Occupation Policy and Reaction*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 1999. pp. 215–246. Print.
- "The Friar Memorial of 1898" sa Blair and Robertson. *The Philippine Islands*, vol. 52. Print.
- Villaroel, Fidel. *The Dominicans and the Philippine*

Revolution, 1896-1903. Manila: UST Publishing House, 1999. Print.

Zaide, Gregorio F. *Catholicism in the Philippines*. Manila: Sto. Tomas University Press, 1937. Print.